



PAGSUSURI SA MGA PILING FLIPTOP LINES NINA ABRA AT ZAITO SA PILIPINAS: ISANG DISKURSONG PANANALIKSIK

Isyd Mae C. Labastida¹, Elealeh S. Timosa²

¹ORCID No. 0009-0009-5601-355X

Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines

Article DOI: <https://doi.org/10.36713/epra19774>

DOI No: 10.36713/epra19774

ABSTRAK

Ang kwalitatibong pananaliksik na ito ay isang pagsusuri ng diskurso tungkol sa mga Fliptop lines nina Abra at Zaito sa pilipinas. Layunin ng pag-aaral na suriin ang mga morpolohikal na katangian at estruktura ng wikang ginamit sa kanilang mga linya, sa pamamagitan ng pagsusuri sa iba't ibang estratehiya na ginagamit ng mga kalahok sa pagbuo at paghahatid ng kanilang mga linya at sa pag-unawa sa mga wikang ginamit sa kanilang linyang ibinigay sa FlipTop, lalo na ang morpolohiya at estruktura ng wika na ginamit. Sa pagsusuri ng datos ay nagpapakita na ang mga Fliptop lines nina Abra at Zaito ay naglalaman ng mga morpolohikal na katangian tulad ng akronim, paglalagay ng panlapi, paghahalo ng salita, paghihiram, paghahalo ng wika at pagsilipat ng wika, pagsasama-sama, pagbabago ng wika, at mapanlait na pahayag na ang sisitema ng wika ay mauunawaan sa pamamagitan ng termino ng kanilang ginamit. Ang estruktura ng kanilang Fliptop lines ay umiikot din sa pag-atake sa mga pisikal na katangian, pag-atake sa kakayahan sa pag-rap, pag-atake sa ibang mga rapper sa Fliptop, pag-atake sa mga miyembro ng pamilya at mga kaibigan, kontra-tesis, paggamit ng mga tanong, sekwal na pakahulugan, partisipasyon ng mga kilalang sikat na personalidad, super elemental creatures fiction character, at mga taong kilala sa larangan ng politiko. May mga iba't iba ring itinampok na pampanitikang salita na ginamit ang mga rapper sa Fliptop. Batay sa nabanggit na konklusyon, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay inilatag: nais kong ipakilala sa mga susunod na mananaliksik na maaaring nagnanais na simulan ang pag-aaral tungkol sa Fliptop kung paano ito maaaring gamitin bilang estratehiya sa pagtuturo ng wikang Filipino, panitikan, at gramatika. Maaaring gamitin ng mga guro sa wika ang Fliptop bilang isa sa mga aktibidad sa pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral.

MGA SUSING SALITA: FlipTop Lines, Discourse Analysis, Morpolohiya, Estruktura

INTRODUKSYON

Ang fliptop ay isang kompetisyon ng mga rapper o mga indibidwal na gumagamit ng rap sa kanilang pagsasalita. Binubuo ito ng dalawang kalahok, kung saan bawat isa ay kinakailangang mag-rap sa loob ng isang minuto. Ito rin ang pinakamalaki at kauna-unahang Rap Battle Conference sa Pilipinas. Sa pagsusuri ng diskursong ito, tatalakayin ang problema na kaugnay sa morpolohikal na katangian at estruktura ng wika na ginagamit na nagaganap sa konteksto ng fliptop lines nina Abra at Zaito. Nagbibigay-katuwaan sila sa kanilang mga katunggali sa pagtatapon ng nakakasakit na salita sa anyo ng "biro" o "bars". Nagbibigay ng rap na may tugma at kumakanta upang magdagdag sa magandang daloy ng mga linya binabato nila (Solitario, 2019).

Sa Estados Unidos, lumalabas ang mga labanan ay dahilan ng pagkakahati-hati ng lipunan, nagdadala ng masalimuot na usaping panlipunan, politikal, at pang-ekonomiya. Isang pag-aaral ang tumukoy sa pangangailangan ng mga hakbang upang masolusyunan ang mga isyung ito sa pandaigdigang antas. Ayon sa mga mananaliksik, mahalaga ang pakikipagtulungan

ng mga internasyonal na samahan at institusyon upang maiwasan ang paglala ng mga tensyon. Binibigyangdiin din nila ang pangangailangan ng mas inklusibong estratehiya upang mapanatili ang kapayapaan at pagkakaisa ng mundo (Johnson et al. 2022).

Sa Amerika, naging isyu ang fliptop dahil sa paggamit ng musika sainternational na artista sa laban ng fliptop battles nang walang pahintulot, na nagresulta sa mga kasong isinampa laban sa mga fliptoppers at kanilang mga tagapagtaguyod; ang isyung ito ay naglalantad ng panganib ng hindi patas na paggamit ng mga likha ng mga artista, na naging isang mainit na paksa sa ugnayan ng fliptop, isang tanyag na laro sa Pilipinas, at ng mga artistang nagbigay ng inspirasyon sa buong mundo. Bukod dito, ang sitwasyong ito ay nagbigay-diin sa pangangailangan ng mas malinaw na mga regulasyon at batas sa copyright upang protektahan ang mga karapatan ng mga artista, at upang masiguro ang makatarungang paggamit ng kanilang mga gawa sa mga kaganapang katulad ng fliptop, na maaaring makaapekto sa kanilang reputasyon at kita (Heine, 2018).



Sa Pilipinas, ang Fliptop rap battle ay itinuturing na unang liga ng labanan sa rap na agad na sumikat matapos mag-viral ang ilang bidyu sa YouTube, kung saan milyon-milyong kabataang Pilipino ang nakilahok sa pagpapalitan ng mga matatalinghagang linya at ritmo na nagpapakita ng kanilang galing sa wika. Ang mga kalahok ay nagpapalitan din ng mga panlalait, na nagpapakita ng kanilang kakayahan sa pagharap sa mga hamon ng laban. Gayunpaman, ang mga linya ng mga fliptoppers ay kadalasang naglalaman ng malalaswang salita at masakit na pahayag, na naglalayong magpasigla ng interes sa mga kabataan, kaya ay mahalagang suriin ito nang maingat. Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga linya ng mga fliptoppers at mas magiging makabuluhan ang mga resulta nito kung ang linggwistikong katangian ng linya ay susuriin sa konteksto ng diskurso (Yap, 2018).

Ang Fliptop battles, isang kilalang uri ng rap battle sa pilipinas at iba pang bansa, ay kilala sa matindi nitong paggamit ng wika, husay sa pagtula, at nakakapukaw na mga performance. Bagamat ito ay patuloy na sumiklab sa popularidad, kakulangan ang nararanasan sa malawakang pagsusuri ng diskurso at sosyolinggwistikong bahagi nito. Ang kulturang ipinapahayag sa Fliptop ay nagbibigay daan sa mga kasali na maipahayag ang kanilang opinyon, karanasan, at pananaw sa lipunan. Sa pagsusuri ng wika, nilalaman, at retorikang ginagamit, maaaring makuha ng mga mananaliksik ang masusing kaalaman sa kung paano iniuugnay at ginagamit ang wika ng mga kalahok sa kanilang kultural na pagkakakilanlan. Ang pag-aaral sa gamit ng wika ay para magtawaran o magpahayag ng pagkakakilanlan at makapagbigay ng insights sa proseso ng pagbuo ng identidad, partikular sa mga pangkat at kabataang taga-lungsod. Ang epekto ng media, partikular sa online platforms at social media, ay naglalarawan ng malaking bahagi sa popularidad ng Fliptop battles. Mahalaga ang pag-unawa sa impluwensiyang ito sa wika, diskurso, at kultural na praktis na kaugnay ng Fliptop battles upang maunawaan ang digital media sa aspeto ng wika at kultura. Sa masusing pagsusuri ng diskurso sa Fliptop, mahalaga ang papel nito sa larangan ng sosyolinggwistika, pag-aaral ng kultura, at popular na kultura, na nagbibigay ng mga aral para sa mga siningero, iskolar, tagapagpasya, at guro. Kaya't ang pagsasaliksik sa Fliptop lines nina Abra at Zaito ay may mahalagang bahagi sa pag-unlad ng ating pang-unawa bilang isang mahalagang sosyolinggwistikong at kultural na phenomenon.

Bagamat may pag-aaral na tungkol sa mga piling fliptop lines nina Abra at Lonie na ginawa ni Ana Rhea Miculob (2020) na kung saan sinuri ang antas ng wikang nangingibabaw at implikasyon ng fliptop lines sa pagtuturo ng panitikang Filipino. Naging resulta sa kanyang pananaliksik, napag-alaman na ang fliptop lines nina Abra at Lonie ay nasa iba't-ibang antas ng wika mula sa pinakamababang antas patungo sa pinakamataas.

Ayon naman sa pananaliksik ni (Paculares, 2023) isang mag-aaral sa Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology na may titulo na Fliptop Battles isang dikursong pananaliksik na naglalayong matukoy ang linggwistikong katangian at morposemantiks sa mga fliptop battles sa pamamagitan ng pagmamasid at pag-oobserba sa paraan ng

panonood sa YouTube, nakapukos lamang ang mananaliksik sa sampung pinakatampok na fliptop battles gamit ang mga salitang ginagamit sa rapper.

Gayunpaman ang pag-aaral na ito ay isasagawa sa loob ng paaralan ng KCAST ngunit ang kaibahan ng pananaliksik na ito ay nakatoon lamang sa mensahe ng mga piling fliptop lines nina Abra at Zaito na kung saan susuriin ng mananaliksik ang morpolohikal na katangian at estruktura ng wika na ginagamit, upang tuklasin ang mga estruktura sa mga linyang binabato nina Abra at Zaito sa kanilang mga laban at aalamin ang kaalaman na nakamit mula sa dikursong pag-aaral.

Pagkatapos ng pananaliksik na ito, ang mga mananaliksik ay naglalayong maibahagi ang kaalaman pag-aaral na ito hindi lamang sa mga guro ngunit maging sa mga sumusunod na mananaliksik. Ang pananaliksik na ito ay ihahayag sa pamamagitan ng mga interbyu na konektado sa pag-aaral at pakikipagtulungan sa iba't ibang sektor upang lumikha ng makabuluhang interaksyon sa mga mag-aaral. Nilalayan nitong mabigyan ang mga kinatawan ng pamahalaan ng pagkakataong maibahagi ang mga natuklasan sa pananaliksik. Ang layunin ng pagbabahagi ay upang magbunsod ng masusing pagsusuri, magbigay inspirasyon para sa mga makabuluhang proyekto, at tiyakin ang praktikal na paggamit ng mga natuklasan, lalo na sa aspeto ng pampublikong serbisyo at pagpapalaganap ng kaalaman.

Layunin ng Pag-aaral

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay upang isagawa ang pagsusuri ng diskurso at tukuyin ang morpolohikal na katangian at estruktura ng wika na ginagamit na salita sa papanooring fliptop battles nina Abra at Zaito sa YouTube o sa ibang social media websites. Ang pag-aaral na kwalitatibo ay layong ipakita ang paraan, paggamit, at pagsusuri ng diskurso sa mga morpolohikal na katangian sa piling fliptop lines nina Abra at Zaito. Maaari rin itong suriin ang wika at estruktura ng mga salita na ginagamit nina Abra at Zaito sa kanilang mga laban at analisahin kung paano nakakaapekto ang morpolohikal na katangian na tumutukoy sa anyo ng mga salita sa isang wika.

Mga Tanong ng Pananaliksik

1. Ano-ano ang mga morpolohikal na katangiang pangwika ang ginagamit na salita nina Abra at Zaito sa fliptop battle?
2. Ano-ano ang mga estruktura ng wika na ginagamit na salita nina Abra at Zaito?

METODO

Disenyo

Sa pag-aaral na ito, ginamit ng mananaliksik ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik na magtatampok sa Diskursong Pagsusuri o (Discourse Analysis). Ang kwalitatibong pamamaraan ng pananaliksik ay naglalahad ng detalyadong pananaw ng tao, teksto, at mga hinaing at konteksto ng mga kalahok Hermanola (2018). Ang kwalitatibong pananaliksik ay tumatalakay sa paggamit ng mga estratihiya o paraan upang maunawaan at maipaliwanag ang mga pangyayari o problemang nagaganap sa kapaligiran sa pamamagitan ng paggamit ng mga dokumento, mga panayam at datos ng pagmamasid sa mga kalahok (Creswell at Poth, 2018).



Ang kwalitatibong pananaliksik ay naglalayong magkolekta at mag-analisa ng konsepto, opinion at mga karanasan mula sa mga datos na maaring gamitin upang makalikom ng mga pananaw, panibagong ideya at pag-unawa sa problema. Kung kaya, gagamitin ang kwalitatibong pag-aaral na ito upang maunawaan at maintindihan ang mga proseso ng pakakabuo ng bawat salitang tampok sa pananaliksik at pag-alam sa mga salitang umusbong sa Fliptop Battle. Ang mga datos ay makokolekta sa pamamagitan ng masinsinang pagmamasid sa YouTube nang sa ganoon ay maitala ang mga ito at maanalisa upang makapagbigay ng masusi, malinaw at tamang interpretasyon o konklusyon.

Tampok sa kwalitatibong pamamaraan ng pag-aaral na ito ang paggamit ng Diskursong Pagsusuri (DA). Ang Diskursong pagsusuri ay kilala bilang isang pag-aaral na nakatuon sa pasulat o pasalitang wika gayundin ang mga di-berbal na aspeto ng komunikasyon gaya ng tono at kilos na may kaugnayan sa sosyal o panlipuang konsepto. Layunin din nitong maunawaan kung paano ginagamit ng mga tao ang wika sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Naglalayon din itong maunawaan kung papaano ginagamit ng mga tao ang wika sa pang-araw-araw na pamumuhay. Ang pagsasagawa ng DA ay nangangahulugang pagsusuri kung paano gumagana ang wika at kung paano nalilikha ang kahulugan sa iba't ibang kontekstong panlipunan. Kung gayon, ito ay may malaking tulong sa pagkilala at pagsuri sa estruktura, kahulugan at pinagmulan ng bawat balbal na salitang maitatala ng mananaliksik, (Luo, 2020).

Samakatuwid, kwalitatibong pag-aaral na nagtatampok sa diskursong pagsusuri ang gagamitin sa pag-aaral na ito upang makalikom ng mga estratehiya at paraan upang maunawaan at maipaliwanag ang mga isyung umusbong sa kapaligiran sa pamamagitan ng paggamit ng mga materyal gaya ng panayam, mga dokumento at datos ng pagmamasid sa mga kalahok na siyang partikular na gagamitin sa pag-aaral na ito.

Ang diskursong pagsusuri ang siyang magbibigay daan upang maunawaan kung paano gumagana, ginagamit at nalilikha ang mga salita taglay ang angking kahulugan ng mga ito sa iba't ibang kontekstong panlipunan. Sa tulong ng DA magagawang suriin ng mananaliksik ang kahulugan, estruktura, pinagmulan at pamamaraan sa pagbuo ng ilang mga salitang malilikom sa pananaliksik at magsuri ng mga konsepto, opinyon, at mga karanasan mula sa datos na maaaring magamit upang mangalap ng mga pananaw, bagong ideya, at pag-unawa sa isang problema. Samakatuwid, ang kwalitatibong pag-aaral na ito ang gagamitin upang maunawaan ang mga prosesong kasangkot sa pagbuo ng bawat isa itinampok na salita sa pananaliksik at upang matukoy ang mga salik sa likod ng walo (8) morpolohiya at labin isa (11) estruktura ng wika na napaglitaw at paglaganap ng fliptop language, partikular sa social media na maaring makikita sa Youtube platforms.

Pamamaraan sa Paglikom ng Datos

Ang isang kwalitatibong pananaliksik ay nangangailangan ng pagkuha at pagkolekta ng datos sa isang sistematikong paraan upang matiyak ang hipit, kawastuhan, at tagumpay ng pananaliksik (Creswell, 2013). Samakatuwid, susundin ng

mananaliksik ang mungkahi ng (Creswell, 2013) upang matiyak ang wastong pagpapatupad ng pangongolekta ng datos proseso. Ito ay isasagawa nang maingat at may kadalubhasaan, na sumusunod sa inaasahang hakbang sa pangangalap at pangangalap ng datos bago isagawa ang pagsusuri at pagbibigay ng mga interpretasyon ng mga resulta ng pananaliksik.

Maaring kunin ng mananaliksik ang mga video recording ng mga laban nina Abra at Zaito mula sa iba't ibang mapagkukunan tulad ng YouTube, opisyal na Fliptop channel, o mga live na naitala na mga pangyayari. Ang mga bidyu na ito ay magiging pangunahing pinagmumulan ng datos para sa pagsusuri ng morpolohikal na katangian at estruktura ng wika. Isa pang hakbang na maaring gawin ng mananaliksik ay ang pagsalin ng mga talumpati at pagganap sa mga laban sa Fliptop. Ito ay kasama ang paglipat ng mga binibitawang salita sa nakasulat na anyo, pagsusuri ng mga nuances sa paggamit ng wika, at ang pagsasagawa ng dokumentasyon sa mga linguistic feature, wordplay, at mga elemento ng morpolohiya.

Huli ngunit hindi ito ang pinakaminor na bahagi, sa buong proseso ng pagkolekta ng datos, mahalaga na ang mananaliksik ay manatili sa etikal na pamantayan, igalang ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari, at humingi ng pahintulot mula sa mga kalahok kung kinakailangan. Ang mga datos na nakuha ay magiging pundasyon para sa susunod na pagsusuri at interpretasyon ng morpolohiya at estruktura ng wika sa mga laban sa Fliptop. Pagkatapos ng pagsusuri ng mga datos, ang mananaliksik ay isusumite ang kanilang pananaliksik sa isang dalubhasa sa lingguwistika para sa pagsusuri at pagpapatunay ng mga pamamaraan at kabuoang pagsusuri ng datos.

Pag-aanalisa sa Datos

Ang lahat ng datos sa pananaliksik na ito ay makakalap at makokolekta sa pamamagitan ng masusing pag-aanalisa pag-unawa at paghabi ng mga kahulugan ng tayutay na nakapaloob sa bawat taludtod ng tula. Kaya naman, sa pag-aanalisa ng mga datos susundin ng mananaliksik ang hakbang sa pag-aanalisa upang ganap na maisagawa ang mga gawain sa pagpili, pagtukoy at pagsusuri ng mga datos sa napiling korpora ng pag-aaral na ito (Neuman, 2000).

Una, ang pagtukoy sa yunit ng pag-aanalisa kung saan ang mga morpolohikal na katangian sa mga piling Fliptop Lines ang susuriin sa pag-aaral na ito. Batay sa katanungan ng pananaliksik na ito kung ano-ano ang mga morpolohikal na katangian pangwika ang ginagamit na salita nina Abra at Zaito sa fliptop battle at ano-ano ang mga estruktura ng wika na ginagamit na salita nina Abra at Zaito ay lilikumin ng mananaliksik ang mga Fliptop Lines nasa YouTube, pagkatapos ay isusulat ito sa ibang papel bilang rekord ng mananaliksik. Kapag natipon na lahat ng mananaliksik ang mga Fliptop Lines nakapaloob sa Fliptop battle nina Abra at Zaito ay tutukuyin na ang yunit ng pag-aanalisa ang mga morpolohikal na katangian pangwika ang ginagamit na salita nina Abra at Zaito sa Fliptop battle at ano-ano ang mga estruktura ng wika na ginagamit na salita nina Abra at Zaito.

Pangalawang hakbang, pagkokolekta ng mga datos at pagtukoy sa uri nito at may akda na maaaring maiugnay sa nilalaman ng impormasyon. Sa bahaging ito ay uunawain ng mananaliksik ang mga nalistang mga morpolohikal na katangian at estruktura



ng wika na mula sa mga piling Fliptop Lines nina Abra at Zaito na mula sa YouTube na pinagkukuhanan. Sa pag-uunawa ng mananaliksik sa morpolohikal ay uuriin niya ito gamit ang iminungkahing walong (8) morpolohikal na katangian sa pag-aaral at pagsusuri ng mga morpolohikal na katangian nina Abra at Zaito at labin isa (11) estruktura ng wika na ginagamit sa Fliptop lines nina Abra at Zaito. Gamit ang iminungkahing mga morpolohikal na katangian at estruktura ng wika ay binuo ng dalawang talahanayan ang mananaliksik na kung saan sa unang talahayan ay bumuo ng kulom, sa isang kolum ay nakalagay ang mga morpolohikal na katangian na natukoy mula sa Fliptop lines, ang isang kolum naman ay kung anong uri ng morpolohiya ito mapapabilang at sa ikatlong kolum naman ay pag-aanalisa sa mga nailagay na mga morpolohikal na katangian. Gayundin sa ikalawang talahayan ay binuo ng kulom, sa isang kolum ay nakalagay ang mga estruktura ng wika na natukoy mula sa Fliptop lines, sa isang kolum naman ay kung anong uri ng estruktura ng wika ito mapapabilang at sa ikatlong kolum naman ay pag-aanalisa sa mga nailagay na mga estruktura ng wika.

Pangatlong hakbang ay ang pagsusuri ng datos gamit ang code, gagamitin ng code ang mga datos kung saang uri ito mapapabilang upang malikom ng mananaliksik ang mga morpolohiya na mula sa Fliptop Lines na may parehong uri. Gagamitin mismo ang unang letra sa bersyong Ingles ng mga pangalan ng mga floptoppers. Halimbawa nito ay lalagyan ng code na AB_01 o ZT_01, kung sino sa dalawang floptoppers ang nagpapakita ng parehong nagsasaad ng katangian ng morpolohikal at estruktura ng wika at kung may parehong simbolismo o kahulugan. Samantala, dadagdagan ito ng code na FTL 1, FTL2, FTL3....., tuloy-tuloy hanggang umabot ng FTL 51 na kumbinasyon ng sample + number upang maging simbolo ng bilang ng korpora. Sa pamamagitan ng code mas madaling maisasabay ng mananaliksik ang mga datos ayon sa uri at katiyakan nito upang masagot ang tanong ng pananaliksik.

Pang-apat na mungkahing hakbang ay ang pagrebyu at paggawa ng konklusyon, dito ilalahad ng mananaliksik ang kanyang magiging interpretasyon at konklusyon mula sa mga pagsusuring isinagawa sa mga piling Fliptop Lines nina Abra at Zaito sa Pilipinas. Batay sa naging resulta ng isinagawang talahanayan ng datos ng mananaliksik ay susuriin niya ito gamit ang mga tanong ng pananaliksik upang mailahad ang kasagutan gamit ang sariling opinyon ayon sa malawak na konteksto sa pag-uunawa ng mga morpolohikal na katangian at estruktura ng wika sa mga Fliptop Lines gamit na rin ang gabay sa mga inilalahad na paraan ng pagsusuri ni Finnegan sa kaniyang konseptwal na balangkas na bahagi.

Sa pagsunod ng apat na iminungkahing hakbang ay maisasakatapuran ng mananaliksik ang layuning mabigyan ng kasagutan ang mga tanong. Dagdag pa rito, ay maibabahagi ang konklusyong mabubuo maging ang rekomendasyong mailalahad gamit ang mga datos na susuriin.

RESULTA

Ang paggawa at pangangalap ng mga datos na gagamitin bilang korpora ay nakasentro at nakabatay sa mga katanungan sa pananaliksik.

1. Ano-ano ang mga morpolohikal na katangiang pangwika ang ginagamit na salita nina Abra at Zaito sa fliptop battle?
2. Ano-ano ang mga estruktura ng wika na ginagamit na salita nina Abra at Zaito sa fliptop battle?

Bawat pahayag o salita mula sa mga datos bilang korpora ay sinuri ayon sa katangian kung papaano nabubuo at nagtataglay ng kahulugan ang bawat salita batay sa bahagi at deskripsyon o ayos ng nabubuonang mga salita. Ang bahagi ng mga salita ay tumutukoy sa mga kasamang parte, pantig at morpema ng isang panibagong salita. Samantalang ang deskripsyon o ayos naman ay tumutukoy sa konsepto o uri ng isang panibagong salita. Kung gayon ang mga halimbawa ng mga morpolohiya at estruktura ng wika na ipinakita ay ang kadalasang ginagamit at sinasalita sa aspekto ng pakikipagkomunikasyon. Dagdag pa rito, ang panibagong mga morpolohikal na katangian at estruktura nga wika ay nakahanay batay sa paraan o proseso ng pagkakabuo ng mga ito na ipinapakita sa bawat talahanayan. Gayundin ang mga pagpapaliwanag tungkol sa kahulugan at pinagmulan ng mga morpolohikal na katangian at estruktura ng wika na ginagamit nina Abra at Zaito sa fliptop battle ay tinatalakay sa kasunod na mga talata.

Mga Katanungan: 1. Ano-ano ang mga Morpolohikal na Katangiang Pangwika ang Ginagamit na Salita nina Abra at Zaito sa Fliptop Battle?

Ang morpolohikal na katangiang pangwika ay tumutukoy sa mga aspeto ng isang wika na may kinalaman sa estruktura at pormasyon ng mga salita, kabilang ang kanilang mga bahagi at ang paraan ng kanilang pagkakabuo. Ang morpolohiya, isang mahalagang sangay ng lingguwistika, ay nag-aaral sa mga morpema, ang pinakamaliit na yunit ng kahulugan na nagbibigay ng natatanging kontribusyon sa kahulugan at gamit ng mga salita sa isang wika. Ang bawat morpema ay maaaring magtataglay ng salitang-ugat, panlapi, at iba pang elemento na sama-samang bumubuo ng mas komplikadong mga salita at konsepto. Sa pamamagitan ng masusing pag-aaral ng morpolohiya, mas nauunawaan natin ang mga proseso ng pagbuo ng salita, pagbabago ng anyo (infleksyon), at ang sistematikong mga kaayusan na nagreresulta sa makulay at masalimuot na istruktura ng wika.

Sinuri ng mananaliksik ang mga linya ng Fliptop nina Abra at Zaito sa Pilipinas na makikita sa social media, partikular sa YouTube. Sa pamamagitan ng panonood at pagsusuri ng mga bidyu, natuklasan nila na may walong uri ng morpolohikal na katangian ang mga linyang ito. Ipinapakita ng pag-aaral na ang mga Fliptop lines ay mayroong natatanging istruktura at porma na nag-aambag sa kanilang epektibong pagpapahayag at kasiningan sa rap battles. Ang mga katangiang morpolohiya na ito ay nagbibigay ng natatanging karakter sa musika ng mga rapper at nagpapahayag ng kanilang indibidwal na estilo at mensahe. Ipinapakita nito kung paano nagiging instrumento ang wika sa sining at sa pagsusuri ng iba't ibang aspeto ng buhay. Sa bawat talahanayan, inilalahad ang mga categoryang sinusupportahan at nakabatay sa mga teoryang ginamit sa pag-aaral upang tiyakin ang pagiging angkop at makatotohanan ng pananaliksik.



Detalyadong ipinapakita sa bawat talahanayan ang mga partikular na katangian ng bawat salita, kabilang ang proseso at paraan ng pagbuo ng mga ito. Ang bawat terminolohiya ay maingat na inuri upang magbigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga kahulugan at kontekstong ginamit ng mga rapper. Ang pagsusuring ito ay nagpapakita ng iba’t ibang anyo ng pagkamalikhain sa paggamit ng wika, kung saan ang mga salita ay hindi lamang naglalarawan ng mga ideya kundi nagiging makapangyarihang medium sa pagpapahayag ng karanasan, pananaw, at identidad. Sa ganitong paraan, nagiging mas komprehensibo ang pag-unawa sa wika bilang isang buhay na bahagi ng sining at kultura.

Talahanayan 1
Mga Katangiang Morpolohikal sa mga Fliptop lines nina
Abra at Zaito

Morpolohika na Katangian	Mga Piling bahagi ng sipi na mula sa kurpora	Analisis
Akronim	“Hindi ko titigil hangga’t sabay malagot, mas magaling pa ata ang mga <u>AI</u> na boot”. (AB_01)(FTL1) “<u>HBD</u> pare, walang matinong lalaje, naging panalo ka ba?”. (AB_01)(FTL7)	Ang “AI” dito ay akronim para sa “Artificial Intelligence”, na madalas ginagamit upang tukuyin ang mga computer systems o software na kayang magsagawa ng mga gawain na karaniwang iniuugnay sa katalinuhan ng tao. Sa kontekstong ito, ang akronim na “AI” ay ginamit upang ilarawan na kahit ang mga teknolohiya o sistemang gumagamit ng artificial intelligence ay maaaring mas magaling sa ilang aspeto. Ang “HBD” ay akronim para sa “Happy Birthday”. Ito ay isang pinaikling paraan ng pagbati para sa kaarawan, na madalas ginagamit sa mga text message o social media post. Ang paggamit ng akronim na ito ay nagpapabilis at nagpapadali ng komunikasyon, lalo na sa limitadong espasyo o oras.

	“<u>TNT</u> ka na nagtatanghal parang nahulog galing sa talampakan”. (AB_01)(FTL7)	Ang “TNT” sa pangungusap na ito ay akronim para sa “Tawag ng Tanghalan,” isang sikat na talent search o singing competition sa Pilipinas. Ang akronim na ito ay ginagamit upang tukuyin ang programa nang hindi kinakailangang isulat o banggitin ang buong pangalan nito. Minsan, ginagamit din ang TNT sa iba pang kahulugan, ngunit sa kontekstong ito, ito ay tumutukoy sa programa ng talento.
Paglalagay ng Panlapi	“Hindi ako nasa linya, kaya di kita <u>naririnig</u>”. (ZT_01)(FTL34) “Bilang ko hanggang sampu, kayat wag kang <u>magyabang</u>”. (ZT_01)(FTL30) “Bata sa langit shabu pacific pero <u>nagbagong</u> buhay sa daw sya, eh! <u>Tumigil</u> na sa bato 10 minutes ago”.	Ang salitang “naririnig” ay mayroong unlaping “na-“at gitlaping “-ri-“, na nagpapahiwatig ng kasalukuyang pandiwa (progressive tense). Dito, ang pangunahing anyo ng pandiwa ay “ring.” Ang paggamit ng mga panlapi ay nagpapabago sa anyo ng pandiwa upang ipakita ang kasalukuyang aksyon. Ang salitang “magyabang” ay gumagamit ng unlaping “mag “upang ipakita ang aksyon ng pagyayabang. Dito, ang salitang-ugat ay “yabang,” at ang pagdaragdag ng unlapi ay nagpapahiwatig ng kilos o aksyon. Ang salitang “nagbagong” ay gumagamit ng unlaping “nag “at gitlaping “-o-“, na nagpapakita ng aksyon o pagbabago. Ang salitang-ugat dito ay “bago.” Ang panlapi sa salitang ito ay nagbibigay-diin sa



	(AB_01) (FTL 2)	pagbabagong naganap. Ang salitang “tumigil” naman ay may unlaping “tu-” at gitlaping “-i-”, mula sa salitang-ugat na “tigil”. Ang panlapi dito ay nagpapakita ng aksyon ng pagtigil.			malayang kaisipan, habang ang Taurus ay kilala sa pagiging matigas ang ulo at matatag. Sa paghahalo ng dalawang ito, maaaring ipinapahiwatig ng rapper ang personalidad ng kalaban bilang isang halo ng pagiging stubborn (Taurus) at impulsive o free-spirited (Sagittarius). Ginamit ito bilang isang clever jab sa personalidad ng kalaban, na parang sinasabi niyang hindi ka lang basta stubborn, impulsive ka rin, kaya mas mahirap pakisamahan o baguhin.
Paghahalo	Ikaw ang bida sa sarili mong kwento, pero sa laban natin, walang ‘hero’, Dahil ang ‘<u>reality</u>’ mo’y fantasy, at ako ang ‘<u>real</u>’ na ‘<u>deal</u>’, bro”. (AB_01) (FTL 11) “Ang rockstar more like <u>rapstar</u> pero hindi ka sikat kaya wag ka nang mag-actstar”. (ZT_01) (FTL 38) “Ito na ang <u>ultimatum</u>, kailangan mo nang umalis bago pa kita-i-elimanate”. (AB_01)(FTL 22)	“Dito, ang salitang “real” at “deal” ay pinagsama para ipakita ng fliptopper ay totoo, matibay, at seryosong kalaban kumpara sa kalaban niyang nakabase lamang sa ilusyon o pantasya (fantasy). Ang “reality” (katotohanan) at “deal” (seryosong usapan) ay nagpapakita ng antas ng kanyang kakayahan na hindi matatawaran. Ang paghahalo ng mga salitang ito ay nagpapahiwatig na siya ang totoong kalaban na dapat seryosohin. Ang salitang “rapstar” ay isang paghahalo ng “rap” at “star”. Ganun din ang salitang “actstar”, na pinagsamang “act” at “star”. Ang salitang “ultimatum” ay isang paghahalong salita ng “ultimate” at “atum”, na kung saan itoy nagpapahiwatig ng isang pangwakas na desisyon.	“Hindi ka naman <u>hardcore</u> , mas hardcore pa nga yung mga <u>ina-upload</u> ko na <u>file</u> ”. (ZT_01) (FTL 41)	Ang mga salitang “hardcore”, “ina-upload”, at “file” ay naging hiram na salita sa Filipino dahil sa impluwensya ng teknolohiya at kultura. Ang “hardcore” ay nagmula sa Ingles at ginagamit sa iba’t ibang konteksto, tulad ng musika at subkultura, upang ipahiwatig ang pagiging matindi o seryoso. Samantalang ang “ina-upload” ay nagmula sa terminong “upload”, na tumutukoy sa proseso ng paglilipat ng data mula sa lokal na device papunta sa internet. Ginawa itong pandiwa sa Filipino, na nagpapakita ng pagusbong ng digital na wika sa pang-araw-araw na buhay. Ang salitang “file”, naman, ay tumutukoy sa koleksyon ng mga data o impormasyon na nakaimbak sa	
Paghihiram	Nakakahiya grabe mahirap ereplay, <u>sagittarius</u> ka pa naman din”. (AB_01) (FTL 1)	Ang “sagittarius” ay isang hiram na salita ng dalawang zodiac signs: “Sagittarius” at “Taurus”. Sa zodiac signs, ang Sagittarius ay kilala sa pagiging adventurous at may			



	computer. Sa pag-usbong ng teknolohiya, naging mahalaga ang paggamit ng terminolohiyang ito sa mga diskurso tungkol sa impormasyon. Ang paghiram ng mga salitang ito ay nagpapakita ng adaptasyon ng wika sa mga pagbabagong dulot ng modernisasyon at globalisasyon. Ang “panic” ay mula sa Ingles na nangangahulugang matinding takot o pagkabahala, at sa konteksto, ito ay tumutukoy sa pagdami ng takot o kaba ng isang tao. Samantalang ang “comic con”, isang abbreviation ng “comic convention”, ay isang kaganapan kung saan nagtitipon ang mga tao na mahilig sa komiks, pelikula, at iba pang anyo ng pop culture. Ang paggamit ng mga salitang ito ay nagpapakita ng impluwensiya ng Ingles sa modernong wika, lalo na sa mga usaping may kinalaman sa kultura at libangan. Sa kabuoan, ang pahayag ay naglalarawan ng mga damdamin ng pagkabahala sa kabila ng isang masayang sitwasyon na puno ng mga tagahanga.			
	“<u>Nagpa-panic</u> ka, kahit sa <u>comic con</u>, hindi ka sikat”. (ZT_01) (FTL 48)		Paghahalo ng Wika at Pagsilipat ng Wika	<u>norm</u>”. (ZT_01) (FTL 8) terminolohiya habang ipinapahayag ang ideya sa lokal na wika. Samantalang ang “twerk” ay tumutukoy sa isang anyo ng sayaw na naging tanyag sa kulturang pop, na nagdadala ng impluwensiya ng Kanluranin sa mga lokal na ekspresyon. Ang paggamit ng terminong ito ay nagpapakita ng isang masiglang istilo ng pagsayaw na maaaring salungat sa mga pamantayang nakabatay sa lipunan. Sa kabilang banda, ang salitang “norm” ay naglalarawan ng mga inaasahan sa lipunan, na madalas na nakabase sa kulturang kanluranin. Sa konteksto ng iyong linya, nagsisilbing kontradiksyon ang pagsasayaw ng twerk sa mga norm na maaaring pinanghahawakan ng lipunan. Sa kabuoan, ang paggamit ng mga salitang ito ay nagpapakita ng dinamismo ng wika at kultura, kung saan ang mga banyagang salita ay umaangkop sa lokal na konteksto, at ang pagsasama-sama ng iba’t ibang istilo ng wika ay nagpapalalim sa mensahe ng iyong sining. Ang unang bahagi ay Filipino (“Ano ba ‘to?”), ngunit agad itong lumipat sa Ingles (“I thought I was battling a rapper”), at muli itong bumalik sa Filipino at Ingles (“pero parang clown, you’re just here for the jokes, nothing
	“Ang lupit ko <u>mag-split</u>, para kang napasok sa storm, walang takas para kang sumasayaw ng <u>twerk</u> sa isang	Ang salitang “mag-split” ay mula sa Ingles na “split”, na ginagamit sa kontekstong mas angkop sa kulturang Pilipino. Ito ay nagpapakita ng pagkilala sa banyagang	“Ano ba to? Thought I was battling a rapper, pero parang clown, you’re just here for the jokes, nothing	



	profound”. (AB_01) (FTL 11) “Ang dami mong sinasabi pero pag tinignan ko, ang daming fillers, para kang social media post, puro ka hashtags, no substance, all filler”. (ZT_01) (FTL 27)	jokes, nothing profound”). Ang unang bahagi ay Filipino (“Ang dami mong sinasabi, pero ‘pag tinignan ko, ang daming fillers”), ngunit biglang lumipat sa Ingles sa bandang huli (“para kang social media post, puro hashtags, no substance, all fillers”).			pagsasama-sama ng salita upang mapatawa at makabuo ng mga makabuluhang linya. Sa linyang ito na “Parang ginto sa basurahan,” ang paggamit ng mga salitang “ginto” at “basurahan” ay nagiging pinagsamang salita dahil pinagsasama nila ang dalawang magkaibang konsepto upang makabuo ng bagong ideya. Ang “ginto” ay simbolo ng halaga, kayamanan, at kagandahan, samantalang ang “basurahan” ay nagpapakita ng kawalang halaga at pagwawalang-bahala. Sa pagsasama ng mga salitang ito, lumalabas ang mensahe na kahit gaano pa man ang iyong potensyal o halaga, kung hindi ka kilala o hindi napapansin, nagiging walang kabuluhan ito sa konteksto ng lipunan. Ang pagsasama ng salita ay nagpapalalim sa kahulugan ng linya at nagdadala ng mas matinding epekto sa mga tagapakinig, kaya mas madaling maunawaan at maramdaman ang mensahe.
Pagsasama-sama	“Ilang beses ka nang nakakita ng <u>sundot-kulangot</u> na nakatago sa ilalim ng mesa?”. (ZT_01) (FTL 34) “Ikaw yung tipong mahilig sa ‘<u>siping-gutom</u>’”. (ZT_01) (FTL 29)	Ang “sundot-kulangot” ay isang salitang nagmula sa dalawang magkaibang salita: “sundot” at “kulangot.” Kapag pinagsama, ito ay nagiging isang uri ng aksyon na ginagawa ng mga tao kapag sila ay may kinukuhang kulangot mula sa ilong. Ang paggamit ng rapper ng ganitong klaseng salita ay nagbibigay ng comic relief sa kanyang linya, at pinapakita rin nito ang kanyang kakayahan sa paggamit ng wika upang magpatawa at mang-insulto ng kanyang kalaban. Ang “siping-gutom” ay isa pang halimbawa ng pagsasama-samang salita, na mula sa dalawang salitang “siping” at “gutom.” Ang “siping-gutom” ay isang katawagan sa mga taong gustong matulog nang walang laman ang tiyan o yung hindi nakakain ng hapunan. Ang paggamit ng salitang ito sa kanyang laban ay nagpapakita ng kanyang malikhaing paggamit ng mga		“Parang ginto sa basurahan, ang ginto at basurahan”. (ZT_01)(FTL 44)	“Sa sobrang dami mong sinungaling, pwede na kitang <u>banghayin</u>”. (ZT_01) (FTL 32)
			Pagbabago ng Salita		Dito, ginamit ng rapper ang salitang “banghayin,” na kung saan itoy karaniwang ginagamit bilang isang akademikong termino, at inilapat ito sa isang mas malawak na konteksto upang magbigay ng ibang kahulugan.



	“Nakatayo ka lang, parang <u>estatwa</u>”. (ZT-01) (FTL 30)	Ang paggamit ng salitang “estatwa” ay hindi lamang naglalarawan ng pisikal na kawalang-kilos, kundi pati na rin ng emosyonal at mental stagnation ng kalaban. Sa pamamagitan ng pagkukumpara sa kalaban sa isang estatwa, ipinapahayag ni Zaito na ang kalaban ay hindi nakakagawa ng anumang aksyon o reaksiyon, na nagiging sanhi ng kanilang kahinaan. Ang metaporang ito ay epektibo sa pagpapakita ng pag-asa ng nagsasalita na mas magaling at mas may kakayahang umusad kaysa sa kanyang kalaban. Ang imaheng ito ay nagdaragdag ng bigat sa kanyang pahayag at nagpapalakas ng kanyang posisyon sa laban.
	“Puro ka <u>salita</u>, wala kang <u>laman</u>”. (ZT_01) (FTL 50)	Ang “salita” at “laman” ay nagpapahiwatig ng pagkakaiba sa pagitan ng sinasabi at sa aktwal na ginagawa. Ang paggamit ni Zaito ng “puro ka salita” ay nagtuturo sa kakulangan ng konkretong aksyon mula sa kalaban, na nagiging sanhi ng pagbagsak ng kanilang kredibilidad. Sa ganitong paraan, nagbibigay siya ng hamon na ipakita ang kanilang mga sinasabi sa pamamagitan ng mga gawa, na nagiging dahilan upang mapagtanto ng mga tagapanood ang kawalan ng substansiya sa mga
		pahayag ng kalaban. Ito ay isang mabisang taktika sa fliptop battles na ginagamit upang ipakita ang lakas ng nagsasalita sa pamamagitan ng pagdidiin sa kahinaan ng kausap.
Mapanlait na pahayag	“Buhok mo ang pinaka <u>mabahong basahan</u>, walang maayos na nilabhan”. (AB_01) (FTL 5) “Nagsasalita ka ng tapang, pero ang puso mo’y puno ng takot, parang amoy ng sira-sirang isda sa iyong kwento, walang bagong natutuklasan”. (AB_01) (FTL 8) “Akala mo’y may asim sa iyong tinig, pero ang totoo, parang malambot na saging, walang laban sa tamang putok.”(AB_01) (FTL 15)	Ang paggamit ng salitang “mabahong basahan” bilang paghahambing ay nagdadala ng negatibong imahe at nagiging sanhi ng kahihiyan sa taong tinutukoy. Dito, ang pahayag ay nagpapakita ng pagkakaiba sa pagitan ng panlabas at panloob na katotohanan. Ang tao ay maaaring magmukhang matatag at puno ng tapang sa kanyang pananalita, ngunit sa kaloob-looban, puno siya ng takot at kawalang-katiyakan. Ang “amoy ng sira-sirang isda” ay isang malakas na metapora na nagsasaad na ang kanyang mga kwento o sinasabi ay hindi kapani-paniwala at puno ng negatibong konotasyon. Sa katunayan, hindi siya nakapag-aambag ng anumang bagong ideya o pananaw; sa halip, ang kanyang sinasabi ay nagiging labis na mapanira at walang kabuluhan. Dito, ang pahayag ay tumutukoy sa anyo ng pananalita ng tao— maaaring magmukhang matalino o puno ng galit sa unang tingin, ngunit sa likod nito, siya ay mahina at walang substansiya. Ang “asim” ay nagrepresenta ng tila talas o bisa sa kanyang mga



		sinasabi, ngunit sa realidad, ito ay hindi nakakapinsala—parang “malambot na saging” na madali lang na mabasag o mapagod. Ang “walang laban sa tamang putok” ay nagpapakita na kahit gaano pa man kalakas ang kanyang pananalita, hindi ito kayang makipagsabayan sa mga tunay na argumento o ideya.
--	--	--

Mga Katanungan: 2. Ano-ano ang mga Estructura ng Wika na Ginagamit na Salita nina Abra at Zaito sa Fliptop Battle?

Sa kasalukuyang panahon, ang rap music o Fliptop battles ay hindi lamang isang anyo ng pagpapahayag, kundi isa ring makapangyarihang kasangkapan ng kultura, pag-iral, at pagbabago. Sa Pilipinas, ipinapakita ito ng mga rapper na hindi lamang bihasa sa teknikal na aspeto ng kanilang sining, kundi pati na rin sa paggamit ng mga estructura ng wika, tulad nina Abra at Zaito. Ang kanilang mga salita ay nagbibigay-buhay sa rap music, nagdadala ng mensahe at pag-asa, at naglalantad ng mga isyu at realidad ng lipunan. Sa pagsusuri ng mga estructura ng wika sa Fliptop lines nina Abra at Zaito, makikita natin ang paggamit nila ng mga salitang sumusunod sa mga estrukturang nagbibigay ng malalim na kahulugan sa kanilang mga awit. Kasama rito ang pag-atake sa mga pisikal na katangian, kakayahan sa pag-rap, iba pang mga rapper sa Fliptop, pati na rin ang kanilang mga miyembro at kaibigan. Ginagamit din nila ang kontra-tesis, mga tanong, sekswal na pakahulugan, pagbanggit ng mga kilalang personalidad, super elemental creatures, fiction characters, at mga personalidad sa politika. Ipinapakita nila ang kanilang talino sa pamamagitan ng balagtasang makataing pahayag, at pagturing sa rap bilang isang anyo ng modernong tula. Sa kasalukuyang henerasyon, ang rap ay hindi lamang isang sining kundi isa ring kasangkapan para sa mga kabataan upang ipahayag ang kanilang mga pananaw sa mga suliraning panlipunan, politikal, at kultural. Ito ay isang paraan upang ipahayag ang kanilang mga pangarap, pag-asa, at pagtatanggol sa kanilang mga karapatan. Sa pamamagitan ng pampanitikang mga salita, nagiging tinig ang mga rapper sa mga usaping kinakaharap ng lipunan, at ginagamit nila ang kanilang kakayahan sa wika upang magkaroon ng impluwensya at magdulot ng pagbabago.

Talahanayan 2
Mga Estructura ng Wika sa mga Fliptop lines nina Abra at Zaito

Estructura ng Wika na ginagamit sa Fliptop	Mga Piling bahagi ng sipi na mula sa kurpora	Analisis
	“Yung mo, parang damo sa bangketa, kahit	Ang linya na ito ay naglalayong magpatawa at i-

Pag-atake sa mga Pisikal na Katangian	sino pwedeng tumapak”. (AB_01) (FTL 5) “Mukha kang bampira na nagkulang sa dugo, parang anemic, kaya kulang ang dugo”. (ZT_01) (FTL 13) “Mukha kang tambay sa kanto, parang kang out-of-place sa labang’to”. (AB_01) (FTL15)	highlight ang kakaibang istilo ng buhok ng kaniyang kalaban. Dito, ginamit ng rapper ang imahe ng isang bampira para insultuhin ang kalaban sa pagiging maputla o mahina. Ang ganitong mga linya ay karaniwang ginagamit para bigyang-diin ang pagkakaiba ng mga estilo o hitsura ng mga rapper.
Pag-atake sa Kakayahan sa Pag-rap	“Ang daming sinabi, mukhang napagod sa kape kasi parang walang tama sa sinabi mong ratatatat-tatatata-tatatata”. (ZT_01) (FTL 41) Parang wala kang bitaw, pang dormitoryo, para kang yung ghost writer niyo, kasi di ka sikat; sana ghost writer ka rin, kasi parang may patay sa rapping mo”. (ZT_01) (FTL 20) “Bakit ba kung sino pa yung nagsasabing mahirap gawin	Dito, ipinapakita ng rapper na kahit na mahaba ang sinabi ng kanyang kalaban, parang walang sustansya o kahulugan ang mga linya nito. Ginagamit niya ang tunog ng baril (“ratatatat-tatata”) para ihambing sa walang saysay na pag-aaksaya ng salita. Sinasabi niya na mas marami ang ingay kaysa sa aktwal na mensahe. Sa linya na ito, kinukuwestiyon ng rapper ang kakayahan ng kanyang kalaban sa pag-bitaw o paghatid ng kanyang mga linya. Sinasabi niya na ang kalidad ng pag-rap ng kanyang kalaban ay kulang sa enerhiya, parang ghost writer na walang buhay. Sa dulo, sinasabi niyang mas mabuti pang maging ghost writer kaysa magpakita ng walang passion. Ang linya ay nagpapakita ng kontradiksyon sa mga



	ang Fliptop, yun pa yung mga mukhang di man lang pinag-isipan ang isusulat sa laptop”. (ZT_01) (FTL 25)	taong nagsasabing mahirap ang Fliptop, ngunit tila hindi pinaghihirapan ang kanilang mga isinusulat. Dito, tinutuligsa ng rapper ang kakulangan ng pag-aalala o effort ng kanyang kalaban sa pagsulat ng kanilang mga linya.
Pag-atake sa Ibang mga Rapper sa Fliptop	“Tisa lang ang panalo, para ka lang si <u>Karlos</u> , hindi to weather forecast pero laging me Carlo”. (AB_01) (FTL 12)	Sa linya na ito, binanggit ng rapper si “Karlos,” na tumutukoy kay Carlo, na kilala rin bilang Anygma, ang founder ng Fliptop. Ang linya ay nagpapahiwatig na isa lang ang panalo sa kanilang labanan, at parang si Karlos na laging may Carlo sa pangalan niya.
	“At ito ang freestyle, ito ang championship kaya naroon ikaw para ka lang si <u>Kial</u> , ‘di ka man lang nagchampionship”. (AB_01) (FTL 47)	Dito, binanggit ng rapper si Kial, isang Fliptop rapper na hindi pa nagkakaroon ng championship title. Ginagamit ng rapper ang pangalan ni Kial upang ipakita na ang kanyang kalaban ay hindi nagwawagi o nagiging champion.
	“Kahit nasa <u>batas</u> ka, pwede pa rin kitang i-demanda”. (AB_01) (FTL 13)	Ang linyang ito ay mula sa battle kay Batas, isang kilalang Fliptop rapper. Dito, ginamit ng rapper ang pangalan ni Batas upang laruin ang mga salitang may kinalaman sa batas at legal na konsepto, na nagpapahiwatig na kahit legal ka sa pangalan, may mga pagkakataon pa ring pwede kang maharap sa legal na problema o “idemanda.”
	Ako ang tatay mo, dahil ako ang nagbigay ng buhay sa ‘yo’.	Ang linya ay nagtatangkang ibagsak ang kumpiyansa ng kalaban sa pamamagitan ng

Pag-atake sa mga Miyembro ng Pamilya at mga Kaibigan	(AB_01) (FTL 12) “Ang mga kasama mo, ‘di lang mga kaibigan, kundi mga tuta mo”. (AB_01) (FTL 1)	pagkakait ng respeto sa kanyang pamilya at pagkakakilanlan. Dito, sinasabing wala talagang kakayahan ang mga kasama ng kaniyang kalaban at parang sumusunod lang sa kanyang yapak, na naglalayong ipakita ang kawalan ng tunay na pagkakaisa at pagiging totoo sa kanilang grupo.
	“Yung mga anak mo, hindi mo kilala kasi iba ang nag-aalaga.” (AB_01) (FTL 5)	Ito ay nagsisilbing atake sa kakayahan ng kaniyang kalaban bilang magulang, na naglalayong palakasin ang impresyon ng kasiraan at pagiging hindi responsible.
Kontra-tesis	Kahit anong rap mo, sa akin, <u>zero</u> ang stats mo kahit anong laban mo, sa akin, wala kang pang <u>panalo!</u> ” (AB_01) (FTL 5)	Ang paggamit ng “zero” at “panalo” upang ipakita ang kawalan ng tsansa ng kaniyang kalaban laban sa kaniya, sa parehong oras na ipinapakita ang kalakasan at kahinaan sa parehong pahayag, isang malinaw na antithesis.
	“Sa mga bara ko, dami mong contradictions, parang sumasalungat ka sa <u>mission!</u> ”. (AB_01) (FTL 17)	Ang paggamit ng “contradictions” at “mission” bilang magkasalungat upang ipakita na kaniyang kalaban ay nagkakalaban ang kanyang mga layunin at pagkilos, na nagpapakita ng kontra-tesis sa kanyang mga ideya.
	Kaya mo kong tawaging <u>nerd</u> , pero tandaan mo, mas okey maging <u>geek</u> , kaysa naman maging <u>weak!</u> ”. (AB_01) (FTL 13)	Ang paggamit ng salitang “nerd” at “geek” bilang magkasalungat ngunit sa parehong oras ay naglalarawan ng kaalaman at katalinuhan, habang ang “weak” ay



		tumutukoy sa kahinaan sa parehong pahayag, kaya nagbibigay ng kontrat-esis na nagpapakita ng pangingibabaw ng isa sa iba.			ideya na “puro ka lang balot, wala namang laman” ay maaaring mangahulugang wala itong sustansya o kahulugan, na nagpapahiwatig ng kababaan o kakulangan sa sexual na kakayahan o karanasan.
Paggamit ng mga Tanong	“Sino ang mas maraming fans, ikaw o si looney?”. (ZT_01) (FTL 51)	Ang tanong na ito ay nagpapakita ng komparasyon ng kasikatan ni Anygma at ng ibang Fliptop artist tulad ni Looney.	Ang haba ng pila, parang pila sa <u>sperm bank</u> ”. (ZT_01) (FTL 32)		Ang sperm bank ay isang lugar kung saan nag-iimbak ng sperm para sa iba’t ibang layunin, kabilang ang reproductive na mga proseso. Ang pagtukoy sa haba ng pila na tila nasa sperm bank ay maaaring may sexual undertones sapagkat ang sperm ay malinaw na may kaugnayan sa reproductive at sexual na aspeto. Ang pila sa sperm bank ay maaaring magbigay ng imahe ng mga lalaking naghihintay, na maaaring maging simbolo ng kakayahan o pagnanais para sa sexual na aktibidad o reproductive na aksyon.
	Ano bang pinaka-paborito mong gawin?, mag-rhyme o kumain?”. (ZT_01) (FTL 36)	Dito, tinutukso ng rapper ang kaniyang katunggali sa rap na tila mahilig sa pagkain kaysa sa pagra-rap.			Dito, binanggit ng rapper si Chris Tiu, na kung saan itoy isang sikat na basketball player.
Sekswal na Pakahulugan	Bakit kaya mo ako tinatabihan, ako ba’y kinilig?”. (ZT_01) (FTL 35)	Ang tanong na ito ay nagpapahiwatig ng pang-aasar sa proximity ng kaniyang kalaban tungod sa kaniya.	Partisipasyon ng mga Kilalang Sikat na Personalidad		Sa linya na ito, binanggit ng rapper si Coco Martin, isang sikat na aktor at direktor sa Pilipinas.
	“Ikaw na yata ang pinakamalambot na kalaban, hinulog ka ng tagyang”. (ZT_01) (FTL 18)	Ang salitang “malambot” ay maaaring tumukoy sa pagiging mahina o hindi matatag. Subalit sa kontekstong ito, maaari itong tumukoy sa kawalan ng tigas o kakulangan sa “ereksyon”, siyang isang elemento ng sexualidad. Ang termino rin na “hinulog ka ng tagyang” ay maaaring magpahiwatig ng kabiguan o pagbagsak, na maaaring maiugnay sa sexual na kabiguan o kawalang bisa.			Dito, binanggit ng rapper si Michael V o mas kilala na Bitoy, na siyay kilala sa kanyang mga comedic roles at parody performances.
	“Parang hotdog, puro ka lang balot, wala namang laman”. (ZT_01) (FTL 21)	Sa literal na pananaw, ang hotdog ay isang pagkaing puno ng balat ngunit maaaring kulang sa laman o substansiya. Ngunit sa sexual na konteksto, ang hotdog ay maaaring ikumpara sa isang lalaki o sa kanyang ari, at ang			Sa mga linyang ito, makikita mo ang



Super Elemental Creatures	Dragon, ang tawag sa akin Jeagon, ang lakas ko parang fire type kinumbine sa Megatron". (ZT_01) (FTL 30)	sanggunian ng rapper sa mga mythical at pop culture creatures tulad ng genie at dragon, pati na rin ang pop culture icon na si Megatron. Ang kombinasyon ng mga sanggunian na ito ay nagpapakita ng kanyang kakayahan na maghalo ng iba't ibang tema sa kanyang mga linya.		"Nakakatakot ang kalaban, parang si Freddy Krueger, pag tinabihan kita, ka-level mo na ang loser". (ZT_01) (FTL 50)	Sa linya na ito, ginamit ng rapper si Freddy Krueger, isang kilalang horror character mula sa "A Nightmare on Elm Street," upang ilarawan ang kanyang sarili bilang isang nakakatakot na kalaban sa Fliptop. Ang paggamit ng ganitong mga karakter ay nagbibigay ng mas matinding impact sa mga linya ng Fliptop battle.
	"Parang elephante sa alkantarilya kung bumagsak so lupa,'di ka na makakaalis". (ZT_01) (FTL 13)	Habang hindi ito direktang tumutukoy sa mga tradisyunal na "elemental creatures" tulad ng apoy, tubig, lupa, at hangin, may mga elemento ng kalikasan na ginagamit sa kanyang mga linya para ipakita ang kanyang kapangyarihan at ang "bigat" ng kanyang mga salita.		"Anong spider-man? ako'y venom, takot ka kapag nakita kasi ang galaw mo ay parang laging nakakatakot na!". (AB_01) (FTL 7)	Sa linyang ito, ginamit ng rapper ang karakter na Venom, isang antagonist sa Spider-Man universe, upang ipahiwatig na siya ay mas malakas at mas nakakatakot kaysa sa kalaban niyang si Shehyee. Sa ganitong paraan, ginagamit ni Abra ang mga reference sa pop culture upang magdagdag ng bigat at epekto sa kanyang mga linya.
	"Ako'y parang dagat, walang katapusan, mga bara ko'y dumadaloy, parang agos ng kasaysayan, ikaw, parang butas na timba, walang laman, sa battle na ito, tiyak ikaw ay mabubulunan!" (ZT_01) (FTL 30)	Ang dagat at agos ng tubig ay may sariling kapangyarihan, ngunit kapag ginamit sa mga simbolo ng labanan, ito ay nagiging super elemental dahil sa walang humpay na lakas at epekto nito. Ang binanggit sa "parang butas na timba" ay nagpapakita kung paano ang tubig ay makakasira sa mga bagay na mahina o may kapintasan.			
Fiction Character	Gagawin kitang super Saiyan, kapag ako at nagalit". (ZT_01) (FTL 39)	Sa linya na ito, ginagamit ng rapper ang imahe ni Son Goku bilang Super Saiyan, isang kilalang transformation sa Dragon Ball Z, upang magpahiwatig ng kanyang lakas at galit kapag nasa battle mode na.	Mga Taong Kilala sa Larangan ng Politika "	"Mapapatugtog ako ng para sa masa, kasi sayo di umubra, kaya tawagin mo kong Gloria, kasi bibigyan Kita ng Hello Garci". (AB_01) (FTL 17)	Sa linya na ito, tumutukoy ang rapper sa "Hello, Garci" scandal na kinasangkutan ni Gloria Macapagal-Arroyo noong 2004 Presidential Election, kung saan ito ay naging malaking isyu sa politika ng Pilipinas. Ang sanggunian na ito ay ginamit ng rapper upang itama ang mga anggulo ng kanyang argumento sa kaniyang kalaban.
				"Lonnie, huwag kang magtanga-tangahan, umasta ka namang Erap, 'wag kang mag-	Sa linya na ito, tinutukoy ng rapper si Joseph "Erap" Estrada, isang dating aktor na naging



actor-actoran”. (AB_01) (FTL 1)	pangulo ng Pilipinas. Ang paggamit ng pangalang Erap dito ay isang paraan ng pag-insinuate ng kaniyang kalaban ay maaaring nagpapakita ng dalawang magkaibang personalidad, katulad ng isang aktor na naglalarawan ng isang karakter, o tulad ng isang politiko na tila may ibang mukha sa harap ng publiko.
“Anong pinagkaiba mo kay Gloria Macapagal Arroyo?, parehas kayong peke, puro paper, ‘di totoo” (ZT_01) (FTL 35)	Sa linyang ito, ginamit ng rapper ang pangalan ni Arroyo upang ipakita ang tema ng “peke” o “hindi totoo”, na nagsisilbing insulto sa kanyang kalaban. Ang paggamit ng mga politikal na sanggunian sa mga battle rap ay madalas na nagdadagdag ng kulay at lalim sa mga linya, pati na rin ang pagiging relatability nito sa mga tagapakinig.

paggamit ng wika, kung saan sila ay gumagamit ng metapora, *wordplay*, at matingkad na imahe upang bumuo ng kanilang mga berbal na pag-atake at ipakita ang kanilang kasanayan. Ang kanilang malikhaing paggamit ng wika ay nagiging isang anyo ng pagganap na nagdadala ng bagong dimensyon sa pakikipagtalastasan at sining. (Butler, 1990).

Sa kontekstong ito, ang mga rappers sa *YouTube* ay nagsasagawa ng performative acts sa kanilang paggamit ng wika, kung saan sila ay gumagamit ng metapora, *wordplay*, at matingkad na imahe upang bumuo ng kanilang berbal na pag-atake at ipakita ang kanilang kasanayan. Ang kanilang malikhaing paggamit ng wika ay nagiging isang anyo ng pagganap na nagdadala ng bagong dimensyon sa pakikipagtalastasan at sining. Ang mga teknika at estratehiya na ito ay nagpapakita ng kapangyarihan ng wika sa paghubog ng mga pananaw at emosyon ng kanilang mga tagapakinig. Sa pamamagitan ng kanilang liriko, nagagawa nilang talakayin ang mga isyung panlipunan at personal na karanasan sa paraang nagiging mas malapit sa puso ng kanilang mga tagapakinig. Bukod dito, ang kanilang kakayahang maglaro sa wika ay nagiging inspirasyon sa mga kabataang nais ring maging bahagi ng larangang ito. Sa ganitong paraan, ang rap music ay nagiging makabuluhang plataporma para sa pagpapahayag at pagbabago.

Ang unang kategorya ng terminolohiyang morpolohiya na ginamit nina Abra at Zaito sa kanilang *Fliptop lines* ay ang akronim. Ang mga akronim ay hindi lamang nagpapadali ng pagbigkas ng mga salita kundi nagbibigay din ng pagkakakilanlan o pagtatak sa isang tiyak na konsepto, organisasyon, o kategorya. Kadalasang ginagamit ang mga ito sa iba’t ibang larangan tulad ng teknolohiya, edukasyon, at negosyo upang madaling maunawaan at maipasa ang mensahe o impormasyon. Sa pamamagitan ng mga akronim, nagiging mas epektibo ang komunikasyon at nababawasan ang pagkakaroon ng malalim na paliwanag (Nordquist, 2019).

DISKUSYON
Mga Morpolohikal na Katangian at Estruktura ng Wika na Ginamit sa Fliptop Lines nina Abra at Zaito

Sa konteksto ng *Fliptop battles*, ang morpolohiya at estruktura ng mga salita ay may malaking papel sa pagbuo ng mga makapangyarihang linya. Ang mga emcee ay madalas na gumagamit ng iba’t ibang morpema upang lumikha ng mga bagong salita o baguhin ang anyo ng mga ito, na nagdadala ng mas malalim na kahulugan at konteksto.

Isang manunulat at mananaliksik na naglathala ng isang artikulo na pinamagatan na “*Understanding the Obscene: Discourse Analysis of FlipTop Battles*” na kung saan ang pag-aaral na ito ay naglayong suriin ang diskurso sa mga piling *Fliptop battles* sa pamamagitan ng pag-analisa sa iba’t ibang estratehiyang ginagamit ng mga emcee/rapper sa pagbuo at paghahatid ng kanilang mga linya, at sa pag-unawa sa mga katangiang lingguwistiko ng mga linyang *Fliptop*, partikular ang kanilang mga morpolohikal na aspeto. (Perez A et al.,2023)

Ang pag-aaral na ito ay sinuportahan ng teoryang Performative Language, na binibigyang-diin ang pagganap ng wika, at nagmumungkahi na ang wika ay hindi lamang naglalarawan sa katotohanan kundi may kapangyarihang hubugin ito. Ang mga *rappers* ay nagsasagawa ng *performative acts* sa kanilang

Ang tema ay isa sa pinakamahalagang konsepto sa anumang anyo ng sining sapagkat ito ang nagsisilbing pundasyon at daluyan upang maipakita ng may-akda ang kanyang ugnayan sa lipunan, kultura, at sa kabuoan ng mundo. Sa pamamagitan ng tema, naipapahayag ang mga ideolohiya, pananaw, at damdamin na nagpapayaman sa pag-unawa ng mga mangbabasa o tagapanood sa masalimuot na karanasan ng tao. Ang paggamit ng mga akronim bilang kasangkapan sa pagpapahayag ng tema ay isang makapangyarihang pamamaraan na nagiging susi upang mas lalong maging mabisa, malinaw, at makahulugan ang mensahe ng isang likha. Sa tulong ng mga akronim, naipapakita ang lalim ng tema sa pinakamaikling paraan; nabibigyang-diin ang mga pangunahing diwa at mga masalimuot na kahulugan sa likod nito nang hindi nawawala ang orihinal na intensyon ng may-akda. Sa ganitong paraan, nagiging higit na mas episyente ang paghahatid ng mga kaisipan at damdamin, at naisasalin ang mga ito bilang bahagi ng kolektibong kamalayan ng tao, nag-aambag sa mas malalim na pagninilay sa mga pagsubok, tagumpay, at aral na hatid ng bawat akda (Curry, 2021).

Ang pagsusuri sa pasalitang diskurso ay isang mahalagang aspeto ng linggwistika sapagkat ito ay nag-aalok ng masusing



pagtingin sa tunay na kahulugan at gampanin ng wika sa pang-araw-araw na komunikasyon. Sa larangang ito, ang paggamit ng mga akronim ay hindi lamang nakakatulong sa pagpapabilis ng proseso ng pagsusuri kundi nagbibigay rin ng estruktura at kalinawan sa pagpapaliwanag ng mga komplikadong konsepto. Ang mga akronim tulad ng “L1” (unang wika) at “L2” (pangalawang wika) ay mabisang paraan upang mailahad ang mga pagkakaibang linggwistiko ng mga mag-aaral at maipakita ang mga natatanging gampanin ng kanilang wika sa isang partikular na konteksto. Dagdag pa rito, ang paggamit ng akronim tulad ng “CA” (*Conversation Analysis*) ay nagpapadali sa pagtutok sa partikular na proseso ng pagsusuri ng mga pasalitang interaksyon, lalo na sa pag-unawa sa istruktura ng mga pag-uusap sa iba’t ibang sitwasyon. Ang ganitong pamamaraan ay nagbibigay-daan sa mga mananaliksik na magkaroon ng mas malawak na pananaw sa mga pattern at sa daloy ng komunikasyon na ginagamit sa lipunan. Bukod dito, ang paggamit ng akronim ay nagiging mabisang kasangkapan sa paglalarawan at pag-unawa sa mga ugnayang pangkomunikasyon, na nagbibigay-kahulugan sa mga hindi lantad na aspeto ng wika. Sa kabuoan, ang paggamit ng mga akronim sa pagsusuri ng pasalitang diskurso ay hindi lamang nagpapadali ng pagpapaliwanag kundi nagbibigay daan din sa mas malalim at sistematikong pag-aaral ng wika at ng masalimuot na koneksyon nito sa kultura at lipunan (Slade et al. 2019).

Mula sa konteksto ng mga morpolohiya, makikita sa talahanayan 1.1 ang mga salitang nabuo sa pamamagitan ng mga akronim. Ang mga morpolohikal na prosesong umusbong buhat ng paggamit ay ang akronim. Ang mga salitang AI, HBD, TNT ay napapabilang sa akronim sapagkat nabubuo ito sa pamamagitan ng paglipon sa unang titik ng bawat salita. Ang ganitong proseso ay nagbibigay daan sa mas pinaikling pagpapahayag at mas mabilis na pang-unawa sa mga komunikasyon sa iba’t ibang larangan lalong-lalo na sa Fliptop battles.

Ang ikalawang kategorya ng terminolohiyang morpolohikal na ginamit nina Abra at Zaito sa kanilang *Fliptop lines* ay ang paglalagay ng panlapi. Ang paglalagay ng panlapi ay isang mahalagang aspeto ng malikhaing pagsusulat at pagsasalita. Kung paano nakamit ang produktibidad ng gramatika sa pamamagitan ng paulit-ulit na paggamit ng mga konstruksyon sa limitadong leksikal na konteksto na kalaunan ay napapalawak sa iba’t ibang konteksto (i.e., sintaktikong paglawak na kasama ang semantikong pagpapalabo, o pagpapalawak ng aplikasyon ng kahulugan). Gayundin, ang ilang [base + afiks] na mga konstruksyon na may sapat na lakas ng pattern ay maaaring mas madaling mapalawak (sa iba’t ibang uri ng salita, genre, historikal na ugat) kaysa sa mga [base + afiks] na konstruksyon na may mas kaunting lakas sa mental na leksikon ay nagpapakita ng isang makabagong anyo ng wika at komunikasyon sa pamamagitan ng mga freestyle rap battles. Sa pamamagitan ng paulit-ulit na paggamit ng mga salita at parirala sa limitadong konteksto ng mga battles, nakikita rin dito ang konsepto ng sintaktikong paglawak at semantikong pagpapalabo. Ang mga manlalaro ng Fliptop ay madalas na gumagamit ng mga partikular na konstruksyon ng salita at afiks na, sa paglipas ng panahon, ay nagiging mas pangkalahatan at

ginagamit sa iba’t ibang konteksto. Ang mga pattern na may sapat na lakas sa kanilang mental na leksikon ay mas madaling maipasa at magamit sa iba’t ibang genre, kabilang na ang kasaysayan ng rap at kultura ng Fliptop (Bybee, 2018).

Sa kabila ng pagbabago ng pangunahing pagtuon ng tipolohiya, nananatili pa rin ang papel ng morpolohiya sa pag-unawa sa mga pagkakaiba-iba sa paraan ng pagsasaayos ng mga salita sa iba’t ibang mga wika sa buong mundo. Ang paggamit ng akronim sa rap battle ay isang mahusay na paraan upang mapadali ang pag-unawa at matandaan ang mga pangunahing elemento ng sining na ito. Sa pamamagitan ng mga akronim, ang mga rapper at tagapakinig ay madaling makilala ang mga aspeto tulad ng ritmo, istilo, at teknikal na kakayahan na mahalaga sa kanilang mga linya. Ang mga akronim din ay nagbibigay ng isang simpleng balangkas para sa pag-aaral ng masalimuot na proseso ng pagsulat at pagperform ng rap (Arkadiev, 2020).

Sa pamamagitan ng akronim, mas madaling maunawaan ang layunin ng pagsusuri ng diskurso: upang pag-aralan ang wika sa mga tunay na sitwasyon at makuha ang mas malalim na pag-unawa sa komunikasyon ng tao sa kanyang natural na anyo. Ang ganitong pagsusuri ay nagbibigay-daan sa mga analyst na tukuyin ang mga pattern at estratehiya na ginagamit ng mga tao sa pakikipag-ugnayan, na maaaring magbukas ng mas malalim na kaalaman tungkol sa mga sosyal na dinamika, kultura, at konteksto ng komunikasyon. Sa ganitong paraan, hindi lamang natin nauunawaan ang mga teknikal na aspeto ng wika kundi pati na rin ang mga emosyonal at sosyal na salik na nakakaapekto sa pag-uusap. Ang pagsusuri ng diskurso ay nagbibigay ng mahalagang pananaw sa kung paano bumubuo ng kahulugan ang mga tao sa kanilang mga interaksyon at kung paano nagbabago ang kanilang wika batay sa sitwasyon at tagapakinig. Sa huli, ang layunin ng pagsusuri ng diskurso ay hindi lamang upang suriin ang wika kundi upang tukuyin ang mas malawak na implikasyon ng komunikasyon sa lipunan. (Betti, M. J., 2021).

Sa talahayan 1.2, ang paglalagay ng panlapi ay isa sa mga laganap na katangian ng morpolohiya na kung saan ito ay nagiging susi ng mga rapper na mas maipakita nila ang kanilang kakaibang estilo at personalidad sa bawat laban. Ang mga salitang naririnig, magyabang, nagbagong, tumigil ay napapabilang sa panlapi na kung saan ang ito ang ay isa sa kanilang teknik upang ang kanilang bawat linya ang kaakit-akit at kawili-wili.

Ang ikatlong kategorya ng terminolohiyang morpolohikal na ginamit nina Abra at Zaito sa kanilang *Fliptop lines* ay ang paghahalo. Ang paghahalo ay ang paraan ng paggamit ng mga salita, ritmo, at tema na pinaghalo upang makalikha ng natatanging estilo. Ang isang mahusay na Fliptop rapper ay marunong maghalo ng iba’t ibang uri ng panlapi, tayutay, at mga salitang balbal upang makabuo ng mga linya na hindi lamang mapanlikha kundi pati na rin makabuluhan. Bukod dito, ang paghahalo ng iba’t ibang taktika tulad ng humor, pang-iinsulto, at mga personal na anekdota ay nagdadagdag ng lalim at karakter sa bawat performance. Ang mga salitang pinagsama mula sa wikang Ingles ay maaaring mahulaan batay sa kanilang



mga semantikong ugnayan at ang istruktura ng pinagsamang salita ay pinipigilan ng mga konsiderasyong morpolohikal at semantiko, makikita natin ang parehong prinsipyo sa paggamit ng mga salitang pinagsama o blended words. Ang mga rap battle artists ay madalas na lumikha ng mga bagong salita sa pamamagitan ng pagsasama ng mga umiiral na salita na may magkakatulad na kahulugan o tunog. Ang kanilang kakayahan na maglaro sa wika ay nagpapakita ng pagkamalikhain at pagsunod sa parehong ponolohikal at semantikong mga konsiderasyon (Ek, 2018).

Sa pagtanggap ng isang paglapit na batay sa mga limitasyon, ipinakikita ng mga rapper ang kahalagahan ng pagsusuri ng mga kapalit at mga salungatan sa pagitan ng iba't ibang limitasyon sa prosesong morposintaks. Sa kanilang sining, madalas nilang ginagamit ang mga panlapi upang mapalawak ang kanilang mga linya at bigyang-diin ang mga emosyon at ideya. Halimbawa, ang pagdagdag ng panlaping "um-" sa isang pandiwa ay nagbibigay ng masiglang kilos, habang ang panlaping "pag-" ay maaaring magpahiwatig ng proseso o pagkilos. Ang pag-aaral sa mga limitasyon at salungatan sa morposintaks ay nagbibigay-diin sa kung paano ang mga panlapi ay nakatutulong sa mga rapper na ayusin ang kanilang mga mensahe, nag-uugnay sa anyo at kahulugan. Sa ganitong paraan, ang kanilang sining ay hindi lamang nagpapakita ng teknikal na kasanayan sa wika kundi pati na rin ng mas malalim na pag-unawa sa proseso ng pagbuo ng kahulugan sa kanilang mga liriko. Ang mga limitasyon sa morposintaks na kanilang hinaharap ay nagbibigay-daan sa mas malikhain at makabagbag-damdaming pahayag, na nagiging dahilan upang mas lalong maging epektibo ang kanilang mensahe sa mga tagapakinig (McCarthy & Prince, 2019).

Sa pagsusuri naglalayong unawain kung paano nagaganap ang mga pagbabago sa mga bahagi ng mga salita, kabilang ang paggamit ng mga panlapi upang lumikha ng iba't ibang anyo ng mga ito at ang paglikha ng mga bagong salita. Sa konteksto ng mga rapper, ang paggamit ng mga panlapi ay napakahalaga, dahil ito ang nagbibigay-daan sa kanila na maging mas malikhain sa kanilang mga liriko. Ang bawat linya sa Fliptop ay hindi lamang isang simpleng pahayag, kundi isang resulta ng mga morpolohikal na pagbabago na nagmumula sa umiiral na mga salita. Halimbawa, ang pagdagdag ng panlaping "mga-" ay nagiging sanhi ng pagbibigay ng plural na anyo, habang ang paggamit ng "in-" ay nag-aangkin ng kahulugan na maaaring magpahiwatig ng pagkilos o pagbabago. Ang mga panlaping ito ay nagiging kasangkapan para sa mga rapper upang mag-eksperimento at makalikha ng mga bagong kahulugan at ideya, na mas lalong nagpapayaman sa kanilang sining at nakaka-engganyo sa mga tagapakinig. Sa ganitong paraan, ang morpolohikal na pagsusuri ay nagiging mahalaga hindi lamang sa teorya kundi pati na rin sa praktikal na aplikasyon sa mundo ng rap (Norquist, 2020).

Sa talahayan 1.3, ang paghahalo ay isa sa mga katangian laganap sa morpolohiya na kung saan isang sining at diskarte na ginagamit upang lalong palakasin ang mga mensahe at istilo ng mga battlerapper. Sa pamamagitan ng paggamit ng katalinuhan at kahusayan sa wika, ang mga rap artist ay nakakabuo ng mga bagong salita na hindi lamang nagbibigay ng

kulay sa laban kundi nagpapalawig din ng kanilang sirkulo ng kultura at pag-unlad ng wikang Filipino. Ilan sa mga salitang ginamit sa paghahalo ay ang wifi, rapstar, actstar, ultimatum. Ang paghahalo ng mga salita ay hindi lamang isang kasanayan kundi isang porma ng ekspresyon na nagpapakita ng kagitingan at kahusayan sa larangan ng Fliptop at rap battles sa kabuoang mundo ng musika at sining.

Ang ika-apat na kategorya ng terminolohiyang morpolohikal ay ang paghihiram. Sa linggwistika, ang paghiram ay ang proseso kung saan ang isang salita mula sa isang wika ay iniangkop para magamit sa iba. Ang wikang Ingles ay inilarawan bilang isang walang kabusugang taga-hihiram ng mga salita. Ito rin ay isang pangunahing donor na wika para sa mga nangungunang pinagmumulan ng mga paghiram para sa iba pang mga wika (Nordquist, 2019).

Sa talahayan 1.4, ang paghihiram ay isa sa katangian ng morpolohiya na laganap na morpolohikal na proseso na makikita sa mga nakalap na datos na may kaugnayan sa mga katangian ng morpolohiya na ginamit nina Abra at Zaito sa kanilang Fliptop lines. Ang panghihiram ay isang terminolohiyang ginagamit sa isang proseso na kung saan hinihiram ang isang salita mula sa ibang wika o sari-saring uri ng panibagong mga salita. Kaya ito ay paglilipat ng katangian ng isang panibagong salita. Ang ilan sa mga salitang ginamit nila sa kanilang mga linya na nakalap sa korpura na paghihiram ay ang sagittarius hardcore, comic con.

Isa sa mga pinaka-kapansin-pansing paraan kung paano naiimpluwensyahan ng social media ang iba't ibang wika ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng bagong kahulugan sa mga umiiral na salita. Ang mga salitang may dati nang kahulugan ay binibigyan ngayon ng iba pang interpretasyon, na kalaunan ay ginagamit na rin sa pang-araw-araw na komunikasyon. Ang social media ay isang mayamang plataporma para sa pag-eksperimento, paglikha ng mga bagong salita, at muling paggamit ng mga luma. Ito ay nagbibigay daan sa mga tao na hindi sumusunod sa mga tuntunin ng gramatika at palaugnayan, na nagbubukas ng pagkakataon upang baguhin ang karaniwang anyo ng wika, maging makabago, malikhain, at progresibo sa pag-iisip (Foster, 2018).

Ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagsusuri sa panloob na kaalaman ng isang tao hinggil sa wika, na maaaring ipaliwanag sa pamamagitan ng mga salitang hiniram mula sa iba't ibang disiplina. Una, ang psikolingguwistik na aspeto ay tumutukoy sa kakayahan ng isang tao na maunawaan at magamit ang wika. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga aspeto ng pag-iisip at pagkatuto, matutukoy natin kung paano bumubuo ng mga pangungusap at nagbibigay-kahulugan sa mga salita ang isang indibidwal. Pangalawa, ang sosyolingguwistik ay nagbibigay-diin sa konteksto ng lipunan at kultura, na may malaking epekto sa paggamit ng wika; ang mga salitang ginagamit natin ay maaaring magbago batay sa mga salik tulad ng edad, kasarian, o sosyal na katayuan. Ang pagsusuri sa sosyolingguwistik ay tumutulong upang maipaliwanag kung paano ang mga norm at halaga ng isang lipunan ay nakaapekto sa wika. Sa isa pang aspeto, ang pormal na istruktura ng wika, kabilang ang mga tuntunin ng gramatika at sintaks, ay nagbibigay ng balangkas



para sa wastong paggamit ng wika. Ang pag-aaral na ito ay mahalaga upang maunawaan ang mga pormularyo ng wika. Huli, ang praktikal na aplikasyon ng wika ay hindi lamang nakatuon sa teorya kundi pati na rin sa paggamit nito sa araw-araw na komunikasyon, na nagpapakita ng ating pag-unawa sa mga istruktura at konteksto. Sa kabuoan, ang pagsusuring ito ay nagbibigay-diin sa koneksyon sa pagitan ng teorya at praktika, at kung paano ang mga salik na ito ay nagtutulungan upang makabuo ng mas malalim na pag-unawa sa wika at komunikasyon (Roux, 2018).

Ang mga rapper ay madalas na gumagamit ng hiram na mga salita mula sa iba't ibang kultura at wika upang ipahayag ang kanilang mensahe. Ang paggamit ng mga salitang ito ay hindi lamang tungkol sa tunog o estilo; ito rin ay nagdadala ng mas malalim na kahulugan na nakaugnay sa kanilang karanasan at konteksto sa lipunan. Sa ganitong paraan, ang kanilang mga liriko ay nagiging salamin ng mga sosyo-kultural na tema, tulad ng identidad, pakikibaka, at ang kanilang pag-unawa sa mundo. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa diskurso, maaaring masusing matukoy ang mga implikasyon ng paggamit ng hiram na salita sa kanilang musika. Halimbawa, ang mga salitang hiniram mula sa ibang wika ay maaaring magpahayag ng pagkakakilanlan at pagsasama, habang ang iba naman ay maaaring maglaman ng mga kritikal na mensahe hinggil sa lipunan. Ang mga mananaliksik, sa kanilang pag-aaral, ay umaasa sa iba't ibang mapagkukunan—tulad ng mga liriko, interbyu, at media coverage—upang makuha ang mahahalagang perspektiba ukol sa panlipunang aspeto ng kanilang wika. Sa kabuoan, ang pagsusuring ito ay nagbibigay-diin sa kakayahang ng wika na lumampas sa mga literal na kahulugan, na nagbubukas ng mga diskurso hinggil sa mas malalim na karanasan ng tao sa lipunan (Limpaecher, A. et al., 202).

Ang ika-limang kategorya ng terminolohiyang morpolohikal na ginamit nina Abra at Zaito sa kanilang mga Fliptop Lines ay paghahalo ng wika at pagsilipat ng wika. Ang pagsilipat ng wika ay ang pagpapalit ng wika sa loob ng isang pangungusap o talata, habang ang paghahalo ng wika naman ay ang pagsasama-sama ng mga salita mula sa iba't ibang wika sa loob ng isang pahayag. Ang paghahalo ng wika at pagsilipat ng wika, sa kabilang banda, ay ginagamit upang balansehin ang ritmo at pasimplehin ang mga linya para mas madaling maintindihan at maunawaan ng mga manonood. Minsan, ginagamit ang paghahalo ng wika at pagsilipat ng wika upang “pagaanin” ang mensaheng ipinapahayag mga fliptoppers bigyang-diin ang mensahe ng mga linya. Bukod dito, nagiging mas dinamiko at makulay ang paraan ng pagpapahayag dahil sa pagsasama ng iba't ibang wika. Ang ganitong teknik ay nagdaragdag din ng personal na tatak ng bawat rapper, nagpapakita ng kanilang kahusayan at malikhaing paggamit ng wika. Sa huli, ang paggamit ng paghahalo ng wika at pagsilipat ng wika ay nagiging tulay upang mas epektibong maihatid ang mensahe sa mas malawak na manonood (Lumabao, 2019).

Ang pagsusuri sa diskurso ay isang mahalagang paraan ng pananaliksik na naglalayong pag-aralan ang wika sa konteksto ng lipunan, na nagbibigay-diin sa tunay na paggamit ng wika sa iba't ibang sitwasyon. Sa prosesong ito, tinitingnan hindi lamang ang mga salitang ginagamit kundi pati na rin ang mga

